REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY
OCCIDENTAL MINDORO PROVINCIAL STATISTICAL OFFICE

# PRESS RELEASE

## ePhil ID, Sapat na Patunay ng Pagkakalilanlan at Magagamit Bilang Opisyal na "Government-issued Identification"

Date of Release: 03 January 2023
Reference Number: P51-PR2023-01

Sa isang public advisory noong 05 Oktubre 2022, inihayag ng PSA na ang printed ePhilID at iba pang versions ng digital ID ay dapat kilalanin at tanggapin bilang official government-issued identification na dokumento sa mga transaksyon sa lahat ng tanggapan ng pamahalaan kabilang na ang mga local government units (LGUs), government owned and control corporations (GOCCs), government financial institutions (GFIs) at pati na sa financial institution ng pribadong sektor.

Naglabas din kamakailan ang Bangko Sentral ng Memorandum para sa mga financial institution na pinapangasiwaan nito na nagtatakda sa paggamit at pagtanggap ng ePhil ID at iba pang digital format PhilID bilang sapat na katibayan ng pagkakilanlan at edad, sa pamamagitan ng authentication. Gayundin ang ilang ahensya tulad ng Civil Service Commission, Government Service and Insurance System (GSIS) at Department of Social Worker and Development (DSWD). Dagdag pa rito, naglabas din ng public advisory ang Department of Foreign Affairs (DFA) na ang printed ePhilID ay tinatanggap ng ahensya bilang accredited government-issued valid ID para sa passport applications.

Ang ePhilID ay ang digital na bersyon ng PhilID o national ID na nakaprint sa papel at may kaparehong validity at functionality ng physical PhilID card na maaring gamitin sa lahat ng transaction. Ang ePhilID ay sapat na patunay ng pagkakakilanlan at edad, matapos nitong dumaan sa authentication. Ito ay magagamit sa mga transaksyon sa mga tanggapan ng pamahalaan at sa pribadong sektor.

Ang printed ePhilID ay nagtataglay ng natatanging digital signature sa pamamagitan ng QR code nito na maaring magamit para sa authentication.

Hinihikayat namin na inyong i-authenticate ang inyong printed ePhilDI gamit ang PhilSys Check. Magtungo sa verify.philsys.gov.ph. Maaaring sundan ang mga sumusunod na hakbang para ma-authenticate ang printed ePhilID gamit ang PhilSys Check:

1. Magpunta sa verify.philsys.gov.ph
2. I-click ang "Scan ePhilID" button.
3. I-click ang "Click to scan QR code".
4. Piliin ang "Camera" para sa mode of scanning.
5. I-click ang "Start Camera" at i-scan ang QR code ng printed ePhilID
6. Makikita ang prompt na "PhilSys QR code Successfully Verified" kapag na-scan at na-verify ang inyong ePhilID.

Maaaring kumuha ng printed ePhilID ang mga rehistrado na mayroon ng PhilSys Number or PSN na hindi pa nakakatanggap ng physical card. Sa kasalukuyan, kinakailangan ang inyong Transaction Reference Number (TRN) na makikita sa transaction slip na ibinigay sa pagpaparehistro para malaman kung mayroon ka ng PhilSys Number (PSN) at maari ka nang kumuha ng ePhilID. Bisitahin ang https:appt.philsys.gov.ph upang malaman kung mayroon ka ng PSN.

Sinisiguro ng PSA na makukuha pa rin ng mga nagclaim na ng printed ePhilID ang kanilang physical PhilID Card. Ito ay dahil may nakalaan na physical PhilID card para sa bawat rehistrado. Patuloy ang papabilis ng printing at delivery nito kasabay ang pag-issue ng ePhilID. Tulad ng PhilID card, libre ang pagkuha ng printed ePhilID.

Bukod rito, ang mga personnel din ng PhilSys ay lumilibot sa mga barangay upang ipamahagi ang ePhilID para sa mga rehistrado na residente na mayroon ng ePhilD. Maari rin kayong bumisita sa mga fixed registration centers sa ating probinsya para magpaverify ang inyong transaction slip at magparehistro sa PhilID para sa mga hindi pa rehistradong individual.

Ang fixed registration ng bawat bayan ng Occidental Mindoro ay matatagpuan sa bawat munisipyo, maliban sa bayan ng Mamburao na may Fixed Registration Center na matatagpuan sa Baby Asilo Bldg., Niebres St., Brgy. 7. Gayundin sa bayan ng Looc at Lubang na magkakaroon ng fixed registration center sa mga susunod na buwan.

Sa pamamagitan ng printed ePhilID, ang mga rehistrado na ay agarang matatamasa ang mga benepisyo tulad ng access sa mas maraming financial at social protection services.

Hinihikayat ng PSA ang mga tanggapan ng pamahalaan at pribadong establishment na tanggapin ang ePhilID bilang sapat na patunay ng pagkakilanlan. Hinihikayat din ang publiko na ireport ang mga ahensya at establishment na hindi tumatanggap ng printed ePhilID bilang government-issued identification sa mga sumusunod na official PhilSys channels:

- Facebook: facebook.com/PSAPhilsysOfficial
- Hotline 1388 (may kaukulang bayad)
- Email: info@philsys.gov.ph

Isama sa inyong mensahe ang mga sumusunod na detalye:

- Pangalan ng establishment at ang branch nito
- Petsa ng transaction
- Transaction kung saan ginamit ang printed ePhilID

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa aming official website: rsso.mimaropa.psa.gov.ph/occidentalmindoro o sa PSA Provincial Office sa mga sumusunod na detalye: Scc

Occidental Mindoro Provincial Statistical Office
Ramirez-Lopez Condominium, Rizal St.
Barangay 3, Mamburao, Occidental Mindoro
Telephone No: (043) 711-9982
psa_occ.mindoro@yahoo.com.ph
http://rssomimaro.psa.gov.ph/occidentalmindoro

**MARIBEL L. BERNARDO**
Chief Statistical Specialist
Occidental Mindoro Provincial Statistical Office